# Mga Programa sa Tulong na Pinansiyal na Inihahandog sa Meridian Health

### Mga Tagapayo sa Pananalapi:

Ang mga Tagapayo sa Pananalapi ng Meridian Health ay available na magbigay ng impormasyon tungkol sa mga programang Tulong na Pinansiyal, sa proseso ng aplikasyon, at makakatulong sa pagkumpleto ng mga aplikasyon. Ang mga Tagapayo sa Pananalapi ng Meridian Health ay nasa:

Jersey Shore University Medical Center, Neptune
Ocean Medical Center, Brick
Riverview Medical Center, Red Bank
Southern Ocean Medical Center, Manahawkin
Bayshore Community Hospital, Holmdel
Meridian Family Health Center, Neptune
Jane H Booker Family Health Center, Neptune
Booker Behavioral Health Center, Shrewsbury
Parkway 100 Behavioral Health Center, Neptune
Raritan Bay Medical Center, Perth Amboy

Ang mga Tagapayo sa Tulong na Pinansyal ay available sa lugar sa mga lokasyong ito para sa mga panayam at upang sagutin ang mga tanong. Upang magtakda ng appointment, ang mga aplikante ay kailangang tumawag sa 732 212-6505.

### Ano ang dapat dalhin sa inyong appointment sa tulong na pinansiyal:

Ang mga aplikante sa Tulong na Pinansiyal ay kailangang magbigay ng pagkakakilanlan, katibayan ng paninirahan sa NJ, katibayan ng kinikita, at mga pahayag mula sa bangko.

### Notipikasyon ng desisyon sa aplikasyon:

Lahat ng aplikante ay makakatanggap ng nakasulat na pasabi sa loob ng 10 araw ng negosyo kung naaprubahan sila o tinanggihan nang may paliwanag ukol sa desisyon.

Ang Meridian Health ay naghahandog ng Mga Programa sa Tulong na Pinansiyal sa mga pasyenteng walang seguro. Ang isang pasyenteng walang seguro ay isang tao na walang anumang segurong pangkalusugan, kabilang ang anumang programa ng pamahalaan.

### Paano makakakuha ng Tulong na Pinansiyal:

**Scenario 1:** Wala kang seguro.

- Maaari kang mag-apply para sa seguro sa pamamagitan ng Health Insurance Exchange sa www.healthcare.gov sa panahon ng pagbubukas ng pagpapalista.
- Maaari kang maging kwalipikado para sa Programang Medicaid ng Estado ng NJ kung mayroon kang taunang kita ng sambahayan na katumbas o mas mababa sa 138% ng Federal Poverty Level (FPL). Kung hihilingin ng ospital, kailangang mag-apply ka sa Medicaid, lubos na makibalikat sa proseso ng aplikasyon, at taunang mag-renew ng iyong seguro na Medicaid.

**Scenario 2:** Nag-apply ka sa Medicaid ngunit tinanggihan ng Estado o ang Health Insurance Exchange ay sarado.

- Maaari kang maging kwalipikado para sa Programa ng NJ sa Tulong sa Pagbabayad sa Pangangalaga ng Ospital na sasakop sa mga halaga ng mga serbisyo sa ospital at sa ilang natatanging pagbisita ng manggagamot. Upang maisaalang-alang para sa programang ito, kailangang mag-apply ka gamit ang Aplikasyon sa Charity Care at lubusang makibalikat sa proseso ng aplikasyon. Hindi ka sisingilin ng higit sa Mga Halagang Babayaran sa Pangkalahatan.

**Scenario 3:** Hindi ka kwalipikado sa Medicaid o sa Programa ng NJ para sa Tulong sa Pagbabayad sa Pangangalaga sa Ospital.

- Kung hindi ka kwalipikado sa alinman sa mga programang Medicaid ng Estado ng NJ o Tulong sa Pagbabayad sa Pangangalaga sa Ospital sa NJ, tatanggap ka ng halaga sa walang seguro sa mga rate na may diskuwento. Hindi ka sisingilin nang higit sa Mga Halagang Babayaran sa Pangkalahatan para sa mga serbisyo sa emergency o iba pang kinakailangang medikal na serbisyo at hindi kailanman hihingan na magbigay ng paunang bayad o iba pang klase ng pagbabayad upang makatanggap ng mga serbisyong emergency. Maaaring hilingin sa iyo na gumawa ng paunang deposito upang makatanggap ng mga serbisyong hindi emergency.

Ang isang libreng kopya ng polisa sa Tulong na Pinansiyal ng Meridian Health at ng mga form para sa aplikasyon ay available sa Kailangan ng Tulong na Pinasiyal na pahina sa ilalim ng “Iyong Nakalistang Babayaran” sa Meridianhealth.com Ang mga libreng kopya ay available rin sa bawat Meridian Health na ospital o sa pamamagitan ng pagtawag sa **732.902.7080**.